pananatilihin namin ang iyong saklaw

KUNG MAGTATAPOS NA ANG IYONG MEDI-CAL, ANG COVERED CALIFORNIA AY NARITO UPANG TUMULONG.

Regular na sinusuri ng Medi-Cal ang kanilang mga miyembro upang malaman kung kwalipikado pa rin ang mga tumatanggap ng saklaw ng Medi-Cal. Kung nagbago ang iyong mga kalagayan, tulad ng kita, trabaho, o laki ng pamilya sa huling tatlong taon, ang iyong pagiging kwalipikado para sa saklaw ng Medi-Cal ay maaari ring magbago. Kung magtatapos na ang iyong Medi-Cal, narito ang Covered California upang tumulong na tiyaking mayroon kang access sa abot-kaya, de-kalidad na saklaw ng kalusugan.

Kung kasalukuyan mayroong kang Medi-Cal at hindika pa nakatanggap ng pabatid mula sa kanila, makikipag-ugnayan sa iyo ang Medi-Cal sa lalong madaling panahon upang malaman kung ikaw ay kwalipikado pa rin. Habang hinihintay mo ang hakbang na iyon, i-update mo ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan kung nagbago ito. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong Medi-Cal online account sa **KeepMediCalCoverage.org**. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng Medi-Cal.

PAANO ITO GUMAGANA?

Kapag panahon mo na para mag-renew, ipapadala ng Medi-Cal ang iyong abiso sa pag-renew sa isang malaking dilaw na sobre. Ibalik ang hiniling na impormasyon sa Medi-Cal sa petsang nakasaad sa paunawa.

Magpapadala sa iyo ang Medi-Cal ng follow-up na pabatid na may impormasyon tungkol sa iyong katayuan sa pagiging kwalipikado. Kung kwalipikado ka pa rin para sa Medi-Cal, ipagbibigay-alam sa iyo. Kung hindi ka na kwalipikado para sa Medi-Cal, ang paunawa ay magsasaad na ang iyong saklaw ay nagtatapos, ang (mga) dahilan kung bakit, at babanggitin na ikaw ay ire-refer sa Covered California.

Kung hindi ka na kwalipikado para sa Medi-Cal, agad nilang ibibigay ang iyong impormasyon sa Covered California, isang libreng serbisyo mula sa estado na tumutulong sa iyo maghanap at magbayad para sa de-kalidad na segurong pangkalusugan.

Padadalhan ka ng Covered California ng sulat sa koreo tungkol sa iyong pagiging kwalipikado sa Covered California batay sa impormasyong ibinigay mo sa Medi-Cal at ang mga hakbang sa pagpapatala. Kung maging kwalipikado ka para sa pinansiyal na tulong upang mapababa ang halaga ng iyong buwanang premium batay sa iyong kita, ang Covered California ay pipili ng isang plano sa segurong pangkalusugan para sa iyo na magbibigay sa iyo ng pinakamahusay na tulong na pinansyal!

Kung ikaw o ang iyong pamilya ay may alok ng saklaw mula sa isang kumpanya o ibang programa tulad ng Medicare, maaaring hindi ka maging kwalipikado para sa pinansyal na tulong mula sa Covered California.

Pinili man ang isang plano para sa iyo o hindi, kailangan mo pa ring gumawa ng ilang hakbang upang mapanatili ang iyong segurong pangkalusugan. Ang mga sumusunod ay sunud-sunod na mga tagubilin para sa dalawang sitwasyon na ito.

Kung binanggit ng iyong liham na ang Covered California ay pumili ng isang plano para sa iyo:

Ang buwanang premium ng iyong bagong plano ay depende sa iyong kita. Maaaring ito ay kasing baba ng $0 bawat buwan, tulad ng sa Medi-Cal. Kakailanganin mong kumpirmahin o baguhin ang iyong plano para manatiling sakop anuman ang iyong buwanang premium na gastos.

Unang hakbang: Bisitahin ang **CoveredCA.com/new-plan** (Ingles na site) at i-click ang "Sign In or Create Account." (Mag-sign In o Gumawa ng Account)

Pangalawang hakbang: Gumawa ng iyong account gamit ang online **access code** at **case number** (numero ng kaso) na ibinigay sa itaas, kaliwang sulok ng iyong sulat mula sa Covered California. Kung mayroon ka nang Covered California account, i-click ang "Log in to Your Account" (Mag-login sa Iyong Account) gamit ang iyong username at password. Huwag mag-alala kung nakalimutan mo sila. Maaari mong i-reset ang iyong username at password.

Pangatlong hakbang: Suriin ang pagiging kwalipikado sa planong pangkalusugan ng bawat miyembro ng iyong sambahayan at kumpirmahin na pananatilihin mo ang planong segurong pangkalusugan na pinili ng Covered California.

- **Kung gusto mong ihambing ang planong pangkalusugan na pinili para sa iyo sa iba pang iniaalok ng Covered California, piliin sa halip ang "Change Plan." (Baguhin ang Plano)**
- **Kung gusto mong kanselahin ang planong pangkalusugan na pinili para sa iyo, piliin ang "Cancel." (Kanselahin)**

Pang-apat na hakbang: (kung mayroon kang buwanang premium): Kung hindi mo kinansela ang iyong saklaw at may bayad, i-click ang "Pay Now" (Magbayad Ngayon) o maghanap ng kuwenta mula sa iyong kompanya ng segurong pangkalusugan.Dapat kang kumilos upang kumpirmahin ang iyong plano sa katapusan ng unang buwan ng pagsaklaw, o ang planong pinili para sa iyo ay kakanselahin. Maaari ka pa ring pumili ng planong pangkalusugan hanggang 90 araw pagkatapos na ang iyong saklaw sa Medi-Cal.

Kung nakatanggap ka ng sulat mula sa Covered California ngunit HINDI nito binanggit ang isang planong pinili para sa iyo:

Maaari ka pa ring makakuha ng segurong pangkalusugan, ngunit kailangan mong gumawa ng madaliang aksyon upang masakop.

Unang hakbang: Kung mayroon kang online account, mag-log in sa CoveredCA.com (English site). Kung nakalimutan mo ang iyong username at password, maaari mong i-reset ang mga ito pagkatapos mong i-click ang "Sign In." (Mag-sign In) Kung wala kang online account, bisitahin ang **CoveredCA.com/create-account** (English site) at ilagay ang **access code** na ibinigay sa iyong sulat mula sa Covered California.

Pangalawang hakbang: Suriin ang iyong aplikasyon at mag-ulat ng pagbabago kung hindi tama ang iyong impormasyon.

Pangatlong hakbang: Ihambing ang mga planong pangkalusugan at piliin ang plano na pinakaangkop sa iyo at sa iyong pamilya. Magsisimula ang iyong planong pangkalusugan sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong piliin ang iyong plano.

Pang-apat na hakbang: Bayaran ang iyong unang bill sa iyong online account o kapag nakakuha ka ng bill mula sa iyong kompanya ng segurong pangkalusugan.

Mayroon kang 90 araw mula sa huling araw ng iyong saklaw ng Medi-Cal upang mag-sign up para sa isang bagong planong pangkalusugan. Kung napalampas mo ang panahong ito, maaaring kailanganin mong maghintay hanggang sa susunod *na taunang bukas na panahon ng pagpapatala*. Ang pagiging walang saklaw sa kalusugan ay maaari magresulta sa pangangailangang magbayad ng multa sa buwis at gusto naming tulungan kang maiwasan iyon.

NARITO KAMI PARA PANATILIHIN ANG IYONG SAKLAW.

Para sa higit pang impormasyon at libreng personal na tulong:

CoveredCA.com/keep-your-coverage
800.983.8816 (Tagalog)

Covered California complies with applicable Federal civil rights laws and does not discriminate on the basis of race, color, national origin, age, disability, or sex.
Atención: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1.800.300.0213 (TTY: 1.888.889.4500).
注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1.800.300.1533 (TTY 1.888.889.4500).